INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue I
August 2025
Available online at https://www.instabrightgazette.com

# BAYANIHAN SA WIKA: SAMA-SAMA TUNGO SA MATIBAY NA PAMBANSANG PAGKAKAISA

ni: DR. EVELYN LUNA BALAORO

I

PILIPINAS! PILIPINAS! SAKDAL NA NAPAKAGANDANG KATAGA!
NA MINSAN AY NAMUMUKOD TANGI SA LAHAT NG MGA BANYAGA
PINUPURI NG BUONG MUNDO DAHIL SA TAGLAY NA KAHANGA-HANGA
TINAGURIANG PERLAS NG SILANGAN SAPAGKAT NAGAANGKIN NG TUNAY NA KAGANDAHAN.

II

BUKOD PA DITO'Y NAGTATAGLAY NG WIKA NA NAGBIBIGAY NG UNAWAAN NG BAWAT MAMAMAYAN NA NAGBUBUKLOD SA KANILANG PAGKAKAISA
TUNAY NGANG ANG MAGING ISANG PILIPINO AY MAIPAGBUBUNYI SAPAGKAT DITO NAIPAPAKITA ANG PAGMAMAHAL SA KANYANG KASARINLAN KATULAD NI GAT JOSE RIZAL NA KANYANG PINAMULAT SA BAWAT PILIPINO "NA ANG HINDI MARUNONG MAGMAHAL SA SARILING WIKA, MASAHOL PA SA HAYOP O MALANSANG ISDA" NA ANG IBIG SABIHIN DAPAT NATING MAHALIN ANG ATING WIKA SAPAGKAT ITO ANG NAGBUBUKLOD SA BAWAT NILIKHA.

III

MINSAN NAITANONG KO SA AKING SARILI ANO NGA BA ANG WIKA?
MAHALAGA BA NA MAY WIKA? NAALALA KO ANG AKING MGA GURO LALUT HIGIT ANG AKING GURO SA WIKANG PILIPINO
NA LAGING NAMUMUTAWI SA KANYANG LABI "BAWAT NILALANG AY MAY KANYA KANYANG PANANAW AT MGA PERSPEKTIBO SA BUHAY SUBALIT ANG WIKA ANG

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue I
August 2025
Available online at https://www.instabrightgazette.com

PINAKAMAHALAGANG BAGAY NA IBINIGAY NG ATING MGA NINUNO SAPAGKAT DITO TAYO
NAGKAROON NG TALAKAYAN SA ATING PANGARAW-ARAW NA PAMUMUHAY.

IV

AH! SADYANG WIKA ANG PINAKAMAHALAGANG PAMANA SA SANLIBUTAN
NG BAWAT BAYANI NA NAGBUWIS NG KANILANG BUHAY
NA LUMABAN UPANG IPAGTANGOL ANG ATING BAYAN PARA MAKALAYA SA MAPANGAPING
MANANAKOP NA NAGBIGAY NG SIPHAYO SA BAWAT PILIPINO
AT SA BAWAT HININGA NA NAWALA KAPALIT NITO ANG ATING PAGLAYA

V

SA KANTA NI HEBER BARTOLOME AKO'Y NATUWA SAPAGKAT KANYANG IPINAHAYAG NA
HUWAG TYONG MAHIYA KUNG ANG ILONG NATIN AY "PANGO" BAGKUS ITO DAW AY
SIMBOLO NG ATING PAGKA PILIPINO! KAYA HUWAG NATIN ITONG IKAHIYA! HUWAG
TAYONG MATAKOT! BAGKUS IPAGMALAKI NATIN NA ANG ATING PAGIGING ISANG
PILIPINO SA PUSO AT DIWA!

VI

KAYA KAYONG MGA KABATAAN NA PAG-ASA NG BAYAN INYONG PAGYAMANIN
WIKANG IBINIGAY SA ATIN SAPAGKAT ITO AY YAMAN AT GINTO NG ATING KASARINLAN
NA KAHIT KAILANMAN AY HINDI MAWAWALAY
SALAMAT SA MGA NAGBUWIS NG BUHAY UPANG ATING MAKAMIT ANG ATING
MINIMITHING TAGUMPAY!
KAYA SAMA-SAMA TAYO ISANG BANSA! ISANG WIKA! TUNGO SA MATAGUMPAY NA
PAGKAKAISA!

**Editorial Team**

**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes

**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza